Philippine Normal University
National Center for Teacher Education

# Ang Mga Bukang Liwayway

Yllang Montenegro

Empowerment Through Art, Quezon City

University of the Philippines - Diliman, Quezon City, Philippines

## ABSTRACT

Ang Mga Bukang Liwayway is a visual art and text-based story that reflects women's experiences and is anchored in indigenous beliefs and Filipino culture. Images of eyes, waves, and boats demonstrate that our identity stems from the journey over the ocean, which is inextricably linked to the current existence of migrant workers. The eye, often known as the infinite god, represents the modern character of feminism, which is cognizant of the truth. Texts based on indigenous beliefs, such as ceremonies and orations, demonstrate significant faith in the contemporary fusion of faiths. Spirituality is inherent in women; it is no secret that until now, the strong power of nature associated with women has been evident. The equal acceptance of strength and weakness is a way to return women to their true self, strength, and power.

## KEYWORDS

suffering, healing, love, journey, liberty

## ABSTRAK (FILIPINO)

Ang mga Bukang Liwayway ay pag lalarawan ng sanaysay at pagninilay sa danas ng kababaihan sa pamamagitan ng sining biswal at teksto na naka-ugat sa katutubong paniniwala at identidad bilang Pilipino. Patunay ang mga imahe gaya ng mata, alon, at dagat na ang ating pagkakakilanlan ay mula sa paglalakbay sa karagatan na

## ARTICLE HISTORY

**Editor-in-Chief:**
Excelsa C. Tongson, DSD


**Received:**
December 02, 2024
**Revised:**
December 04, 2024
**Accepted:**
December 05, 2024

Montenegro, Y.(2024). Mga bukang liwayway. PRISMA: *Gender and Education e-journal, 1*, 1-8.

Corresponding Author: yllangmontenegro@gmail.com

hindi maihihiwalay sa kasalukuyang buhay migranteng manggagawa. Ang mata, o mas kilala bilang "infinite god" ay nagpapakita rin ng kontemporaryong karakter ng peminismong mulat sa katotohanan. Nagpapakita ng malakas na pananampalataya ang mga tekstong batay sa katutubong paniniwala gaya ng ritwal at orasyon ay sa kontemporaryong pagsasanib ng pananampalataya. Likas sa babae ang pagiging espiritwal. indi lingid na hanggang ngayon ay litaw ang malakas na kapangyarihan ng kalikasan na kaugnay sa babae. Ang parehas na pagtanggap ng kalakasan at kahinaan ay paraan upang maibalik ang babae sa kanyang tunay na sarili; ang kanyang lakas at kapangyarihan.

**KEYWORDS**
danas, hilom, pag-ibig, lakbay, laya




**Artist:** Yllang Montenegro
**Title:** Ang Mga Bukang Liwayway
**Medium:** 3 pcs. Mixed media Paper dolls
**Year:** 2024

## Deskripsyon

Ang babae ay katawan ng kaluwalhatian, daungan ng laman, daanan ng bagong katawan. Ang katawan ay pinagnanasaan; madalas ay naalipusta dahil sa maling pagpapakilala ng tunay na pagkakakilanlan ng kababaihan sa lipunan.

Ang katawan ng babae ay isang kwebang puno ng kababalaghan, misteryong tanging sila lamang ang nakaka-intindi at nakaka-alam. Ganoon pa man, ang babae ay likas na masagana. Malaya nitong hinahayag ang katotohanan – walang pag-iimbot, puno ng katapatan. Subalit hangga't wala at hindi danas na gaya ng pinagdaanan ng katawan ng babae, ay mahirap makiramdam, hindi maipamahagi ang misteryong kapangyarihan.

Lumalawak ang pagbuka gaya ng liwanag sa umaga, kumikipot ang daan sa takip-silim. Parang goma; parang matang pumipikit ngunit hindi sumasara. Likas na mulat ang angking katawan. Ang babae ay mahiwagang kinang, katawan nito ay puno ng buhay, lakas, liwanag at laman.

## Pinagmulan ng Lakas: konsepto ng Likhang Sining

Upang kumawala sa pagiging biktima, kailangan ng paghilom. Upang humilom, kailangan ng pag-ibig. Upang umibig, kailangan ng sarili at nasasakupan. Upang makilala ang nasasakupan, kailangan ay makilala ang sarili. Upang matanggap ang sarili, kailangan tanggapin ang danas kahit gaano ito kaganda o kasaklap. Upang matanggap ang danas, kailangan ugatin ang pinagmulan ng danas. Sa pamamagitan nito ay tunay nating makikilala ang sarili. Ang babaeng dumaan sa iba't ibang uri ng dahas na napalitan ng lakas – lakas na hindi matitibag kahit isang batalyon kalaban, espiritwal, mental, emosyonal, at pisikal.

Naalala ko ang likhang pananahi at pagbuburda na ginamit ng Gantala Press bilang pabalat ng kanilang aklat na pinamagatang Lighting the fire: Stories of the women's rights movement in the Philippines (Tadiar & Tadiar, 2021). Ang sining likha na iyon ay pinamagatang, *Pinagmulan ng Lakas* dahil bagamat nakatuon na ang mga paniniwala ng kontemporaryong kababaihan sa iba't-ibang paniniwala at relihiyon, pakiramdam ko ay nananaig pa rin ang ating karakter bilang mga katutubong Pilipino. Ang ating mga paniniwalang nagkaroon nang mga pagsasanib mula sa iba't ibang tradisyon at paniniwala gaya ng paghahalo ng animismo at iba pang paniniwala gaya ng Kristiyanismo, gamit ang mga pananampalataya sa mga bagay na nakakapagbigay lakas at hilom. Ang anting-anting ay mga bagay na mula sa kalikasan kung saan nag-ugat ang ating katutubong pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Nagsanib ang mga paniniwala ng kapangyarihan ng agimat, bertud, mutya, talisman at mga tatu ng mga orasyon at panalangin.

Sa likhang pinagmulan ng lakas, mapapansin na ang kapangyarihan ay mula sa kalooban ng isang babaeng napapalibutan ng elemento ng kalikasan.

Ang ating paniniwala sa ating ligid; paniniwala sa ating kapwa ay nananaig pa rin hanggang sa kasalukuyan bilang isa sa ugaling nakasanayan ng Pilipino. Marami man ang naghalong kaalaman

at mga paniniwala, may mga bagay na mahiwaga na hindi maipaliwanag dahil mas nananaig ang damdamin kesa sa aktwal na pagtingin.

Nagsimula ang aking paggawa ng mga manikang papel mula sa mga pakikisalamuha sa iba't ibang organisasyon gaya ng Gabriela National Alliance for Women. Ang panawagan para sa *Free our Sisters, Free ourselves* movement ay isang pandaigdigang kampanya laban sa pampulitikang pag-uusig at panunupil sa mga babaeng aktibista at tagapagtanggol ng karapatang pantao sa Pilipinas. Ito ay panawagan upang mapalaya ng tuluyan ang mga kababaihang bilanggong pulitikal.

Bumisita kami sa mga kasamang nakapiit sa Correctional Institution for Women (CIW) sa Lungsod ng Mandaluyong upang makapanayam ang mga kababaihang bilanggong pulitikal. Lampas sampu silang aming naka-usap at nakasabayang kumain ng panaghalian at meryenda habang nagsasagawa ng worksyap sa pagsulat at pagdrowing ng aming mga pakiramdam. Maraming kwentong naitala – mga teksto at mga imahe ng danas na iginuhit sa manikang papel.

Naging matagumpay ang araw na iyon at inihanda ang mga likha mula sa worksyap para sa *Pistang Gaga,* isang eksibit kasama ang kanilang mga naipong likha para sa mga proyektong pangkabuhayan gaya ng mga lalagyan ng barya at mga bag na gawa sa mga hinabing beads.

## Kasalukuyan: Ang proseso ng pagbuo ng sining likha

Nais kong ipakilala ang imahe ng likhang, *Ang Mga Bukang Liwayway.* Ito ay likha mula sa konseptong nabuo ngayong taon, 2024 – ang paglulunsad ng pangalawang taon ng pagdiriwang ng mga "GAGA". Isa sa inspirasyon ng ideyang Gaga ay ang likhang baraha ng Pilipino ng namayapang propesor ng sining si Gng. Brenda Fajardo, isa sa tagapagtatag ng KASIBULAN o Kababaihan sa Sining at Bagong Sibol na Kamalayan. Kaming mga tagapagtatag ng The O Home ay parehas miyembro ng batikang grupong ito ng mga peministang manlilikha. Naisip rin namin ang pagtingin ng lipunan sa mga babaeng nawawala sa sarili o baliw na kadalasang tinatawag na Sisa na karugtong sa ideya ng Gaga. Kung tutuusin, hindi kasalanan ng babae ang mabaliw, ang babae ay binaliw ng sistema ng patriyarkal na ipinatong ang lahat ng bigat sa isang kasarian, ang pagiging babae.

Sa pamamagitan ng pag-alala ng aming mga kabataan, naisip ko at aking mga kasama sa kolektibo ang pagbuo ng likhang may pagdamdam. Parehas na damdam ng puso at damdam ng kamay, kung saan gagamitin ang likha batay sa teksto at simpleng pagguhit ng mga linya. Ang simpleng paggawa ng mga damit-damitan ng mga tau-tauhan na kinagisnan naming noong kami ay mga bata pa ay paraan ng pagninilay ng nakaraan upang matuklasan o makabalik muli sa mga danas ng nakaraan. Mahalagang baybayin ang mga nakaraan para makapagpatuloy sa kasalukuyan, dahil kung hindi ay posibleng maging lito sa paninindigan. Ang paggawa ng mga manikang papel ay isang kritikal na proseso ng pagbaybay ng danas ng tao. Kasabay ng paggunita ng mga nakaraan ay ang pagsalubong sa mga kasalukuyang isyu at problema ng babae at lipunan.

Iminungkahi ko sa aking mga kasama na maglunsad ng Eksibisyong Gaga at pamagat ang "Pistang Gaga" na may tema ng mga manikang papel dahil nais namin magkaroon ng pagkakaisa ang mga kwento ng kababaihan sa pamamagitan ng pagsasalarawan ng kanilang danas gamit ang mga manikang papel na isang ideya ng kagaanan at madaling bitbitin.

Inilunsad namin ang Pistang Gaga sa The O Home noong Agosto, 2024 kasama ang maraming kababaihang manlilikha at kanilang mga anak. Nakiisa rin ang iba't-ibang organisasyong pinapanguanhan ng kababaihan kaya naman natupad ang pangarap naming maging pista ng mga manikang papel ang Pistang Gaga. Ang The O Home ay maliit na espasyo sa Lungsod ng Makati na dausan ng aming mga likha at abokasiya. Mas madalas ay maliit na silid ng labasan ng pakiramdam, kalaunan ay naging komunidad para sa mga nanay at mga bata. Ang pambungad na eksibisyon noong Agosto 2023 ay pinamagatang "Ang mga Gaga: Sukdulang Pag-ibig" kung saan ipinakita ko ang mga likhang ka-gagahan kasama ang aking kaibigang si Lenlen. Kami ay dalawang babaeng nasa edad higit apatnapu, parehas peminista, asawa at ina. Hindi natapos ang Pistang Gaga sa The O Home dahil lumawak ang teritoryo ng kababaihan tulad ng ating panawagan sa pagbawi ng tunay na sanaysay at kwentong danas ng kababaihan. Katulad ng ating pagbawi sa ating tunay na sarili. Sa katunayan ang babae ay likas na malakas subalit pilit na binabansot ng patriyarka at iba't ibang uri ng pang-aapi.

## Tungo sa Tunay na Kalayaan: Kontribusyon/kahalagahan ng gawain sa Kasarian at Edukasyon

Sa pamamagitan ng mga manikang papel katulad ng Mga Bukang Liwayway na puno ng iba't ibang imahe, kulay at teksto, ay nagkakaroon ng pag-unawa ang mga tagapanood nito sa mga nangyayari sa ligid at danas ng tao. Kasama dito ang pag-unawa sa kapwa, komunidad, pag-intindi ng pinagmulan ng bawat tao at iba't ibang pananaw nito.

Sa aking palagay ay napakahalaga ng sining para sa gawain sa kasarian at edukasyon dahil isa sa halaga nito ay ang pagbaybay ng danas at papel ng tao sa lipunan. Alam natin na mataas ang datos ng kakulangan sa edukasyon ng mamamayang Pilipino. Marami ang pakikipagsapalarang mangibang bayan upang makakuha ng pinakamahirap at elementaryang trabaho o tinatawag nating OFW (Overseas Filipino Workers). Sa katunayan ako ay isa sa may danas ng pagiging OFW dahil halos sampung taon akong nagtrabaho bilang OPA o overseas performing worker sa bansang Hapon na nagdulot sa akin ng matinding pagkasadlak ng danas sa buhay. Kaya naman salamat sa sining na naging daan upang mahilom na hanggang ngayon ay pilit na hinihilom sa tulong ng tunay na pag-ibig ng mga kaibigan at pamilya.

Ayon sa ulat Lila, nasa top 5 ang Pilipinas sa may pinakamataas na pinapasok na remittance mula sa mga migranteng manggagawa, sa katunayan ay nasa higit apatnapung bilyon dolyar kada taon ang naipasok ng mga mignrate sa bansa subalit hindi parin sapat ito para magkaroon ng pagkakataon upang manatili sa Pilipinas at maging tiyak na ligtas sa kahirapan ang mga manggagawang nagpapasok ng higit apatnapung bilyong dolyar kada taon.

Noong 2022, sinasabing 1.96 milyon ang bilang ng mga Pilipinong migranteng manggagawa at 1.13 milyon o 57.8% ay mga babae ayon sa ulat lila, mula sa konserbatibong bilang ng Philippine Statistics Authority (PSA). Malinaw na anim sa bawat sampung migranteng manggagawa ay babae.

Ganoon din ang usapin sa panawagan ng mga kababaihang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa. Hanggang sa kasalukuyan ay walang unlad ang buhay ng mga kababaihang magsasaka at pamilya nito. Kasama ang mga mangingisda, katutubo, magsasaka at mga manggagawa ng agrikultura ang pinakamahirap na sektor na halos nasa apatnapung porsyento dala ng pyudal at mala pyudal na pagsasamantala sa mga pesante na pinangungunahan ng mga kababaihang magsasaka.

Dahil sa aking danas bilang isa sa nakaligtas mula sa masaklap na buhay – buhay ng isang batang babae na ang tanging nais lamang ay makatapos ng pag aaral at gumawa ng sining. Pangarap ko noon maging arkitekto o di kaya ay pintor. Buhay ng isang babae na napunta sa pagiging tagapag-alaga ng apat na kapatid dahil sa napabayaan ng magulang. Buhay ng isang bigo makatapos dahil kailangan mangibang bayan kahit na labing pitong taon lamang. Buhay mula sa sapilitang paglabas ng bansa, kahit na walang kaalam-alam sa kabilang dako kung ano ang dadatnan. Buhay ng mula sa paglaya sa dating mapanakit na banyagang asawa na hanggang ngayon ay binabaka pa rin ang batas ukol sa diborsyo sa Pilipinas. Hindi makalaya sa kasal na tila ba ay sinakal na kasama ang maraming mga kababaihang nalugmok sa sapilitang pakikisama sa mga asawang abusado at manapakit. Buhay bilang isang ina na pilit kumakayod at papasukin ang lahat ng trabaho o raket para makakain ng mabuti at makapag-aral ang mga anak nang hindi na tumulad sa aking danas. Buhay ng babae na hanggang ngayon ay pilit na iniligtas. Masasabi ko na bagamat maaaring nasa pagsulong na ang aking estado mental at pisikal, ang aking emosyonal na estado at espiritu ay pilit pa ring kumawala sa pagiging biktima dahil hindi natatapos ang pakikibaka ng babae hanggat hindi malaya ang lipunan, bansa at mundong kanyang ginagalawan. Sa loob, labas, lalim at lawak ng katawan ng babae nakasalalay ang tunay na laya.

...

## Statements and Declarations

1. **Funding details.** This work has no support from a funding agency.

2. **Disclosure statement.** The author hereby confirms that no financial or non-financial interests have arisen from the direct application of my artwork. Likewise the author has not been involved in any kind of sexual harassment, sexual exploitation, or abuse (SEA) complaint, allegation, or conviction.

3. **Declaration of Generative AI in Scientific Writing.** The author did not use any generative AI in making the artwork.

4. **Ethical Approval.** This artwork did not undergo ethical approval, yet it is ethical because the author did not use any generative AI, which is my original artwork.

## References

Center for Women's Resources. (2024). *Ulat Lila 2024: Report on the situation of Filipino women.* https://centerforwomensresources.org/blog/2024/03/01/ulat-lila-2024-report-on-the-situation-of-filipino-women/

De Guzman, S. (2022). *Survey on overseas Filipinos (SOF).* Philippine Statistics Authority. 2022-031. https://rsso01.psa.gov.ph/statistics/sof

Gonzales, A. L. (2023, December 19). *PH among the top recipients of remittances in 2023.* Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1215648

Tadiar, F.M. and Tadiar, N.X.M. (Ed.) (2021). *Lighting the fire: Stories of the women's rights movement in the Philippines*. Makati City, San Fernando City, La Union: Gantala Press, Inc. Alfredo F. Tadiar Library.

## Bionote

**Yllang Montenegro** b. 1981 is a feminist and independent self-taught artist. Her experiences as a migrant worker sparked her involvement in activism, where she founded Empowerment Through Art in 2017, a collective advocates for human and environmental rights. She has been working with communities and organizations locally and globally to amplify its advocacy through art.

Yllang is a current board member of the pioneering feminist artist group in the Philippines, KASIBULAN (Kababaihan sa Sining at Bagong Sibol na Kamalayan) and in an international organization for migrants, the Better Engagement between East and South East Asia. In 2023 Yllang co-founded The O Home, an independent m(other)-run space for women and children. She is also an artist organizer for different women's organizations such as Gabriela National Alliance for Women, Homenet Multipurpose Cooperative, Rural Women Advocates, etc. Yllang is currently a project coordinator for the Tandang Sora Women's Museum and a student at the University of the Philippines College of Fine Arts major in Sculpture.